Pasado alas cuatro ay nakababa na si Vee at wala pa sa kanilang meeting place sina Candice at Marc. Pinili niya ang isang rattan couch malapit sa pool. Inilapag niya roon ang gitara at pagkatapos ay inilabas ang cellphone upang tawagan si Marc at sinabing sunduin na nito ang fiancée sa kuwarto.

Pagkababa ng phone ay kinawayan niya ang isang service crew at um-order ng hot vanilla latte with hazelnut syrup. Pagkatapos ay inilabas na niya ang kanyang gitara mula sa bag niyon at inilagay sa kandungan.

Pinili niyang pagsanayan ang kantang *Take Me Away* ng *Lifehouse.* The song was what brought her, Candice and Marc together during their freshman year in college. Paborito kasi nila ang naturang banda.

She began strumming then she sang.

“Still as mesmerizing as ever.”

Her fingers automatically froze on the guitar strings. The voice was a deep baritone, soothingly sexy and utterly familiar.

Noon napansin ng dalaga na mayroon na palang kung sinong nakatayo sa harap niya. Mabagal siyang nag-angat ng tingin. Hindi niya alam kung humihinga pa ba siya. She could feel the silent anticipation of every fiber of her being. Bakit ganito ang nararamdaman niya?

Itinaas niya ang tingin at dagling napakurap..

*Those eyes…*

She was now face to face with her past.

---

Vee managed a smile. Sana ay wala iyong kasamang expression na maaaring makapagbigay ng clue sa tunay niyang nararamdaman nang mga sandaling iyon. Kinakabahan siya. Kung bakit ay hindi niya alam.

Jared was even more good-looking than the last time she saw him. He was every inch a man now. A man who seemed a lot more confident with the way he gazed into her eyes.

He smiled. And suddenly, the man was transformed into the boy who made her heart skip with just one smile years ago. "You don't look too happy to see me."

"I was expecting Candice and Marc," sabi niya.

"Ah, anong oras ba ang usapan ninyo?"

"Four thirty. Parating na daw sila." She took a deep breath then motioned to the empty space beside her. "Upo ka."

Nagliwanag ang mukha nito bago lumigid sa mesa sa pagitan nila at naupo sa tabi niya.

Siguro ay isang ruler ang layo nito sa kanya, ngunit pakiramdam ni Vee ay biglang sumikip ang mundo niya. Bakit nga ba ganito ang nararamdaman niya?

"I never imagined you with short hair. Pero bagay pala sa iyo."

She shivered when his hand touched her hair. His fingers brushed the exposed skin of her neck. Involuntarily ay napataas ang isa niyang balikat. May kiliti siya roon.

"Stop that," aniya bago hinuli ang kamay nito at ibinaba.

"Sorry." Halatang pinipigil nito ang ngiti.

"Okay lang. Huwag mo na uling uulitin at tatamaan ka nito." She pointed to the guitar. Mabuti na lang at ang dali niyang naka-recover sa pagkabigla. Ayaw niyang isipin ni Jared na matindi pa rin ang epekto ng presensya nito sa kanya. After all, madami nang nagbago.

Narinig niya ang mahinang pagtawa nito at naramdaman ang paglapit sa kanya. She never expected his next action.

Jared put an arm around her and kissed her on the cheek. His lips lingered on her face as she felt his hot breath moving to whisper in her ear. "It's really great seeing you again, Vee."

She was so shocked she quickly moved her head to meet his face and gasped when she saw that he was so close. He was smiling. And all she could do was look at that smile.

"Vivienne!"

Kung hindi sa pagtawag na iyon sa kanyang pangalan ay

baka tuluyan na siyang nahila kung saan. Mabilis siyang lumayo at inalis ang braso ni Jared mula sa pagkakaakbay sa kanya. Nilingon niya ang pinagmulan ng boses na walang iba kundi si Candice, patakbong palapit sa kanila. Kasunod nito si Marc.

"Jared! Ang lakas ng radar mo, ah!" bati ni Candice sa katabi niya nang tuluyang makalapit ang mga ito.

Ramdam ni Vee ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi.

"Ano na'ng nangyari?" usisa ng babae bago pasadlak na naupo sa rattan wing chair sa tabi. There was a knowing look on her face.

"Nagpa-practice ako ng kanta. *Take Me Away*," sagot niya.

"Ah, gan'on? Eh, bakit parang may something kung mag-blush ka d'yan?" komento pa nito. Kaibigan ba niya talaga ito? Palihim na sinipa niya ang binti ni Candice. Natawa lang ang bruha.